

Chapter One



Nilibot ni Chloe ng tingin ang buong paligid. Pinakalma siya ng malakas na hampas ng hangin sa balkonahe ng kanilang bahay. Pumikit siya at huminga nang malalim habang pinag-iisipan ang maaari niyang gawin dito sa Cebu. Halos walong taon siyang nanirahan sa Manila habang ang mga magulang niyang negosyante ay narito.

“Ma’am, handa na po ang pagkain.”

Nilingon ni Chloe si Ally. Ayon sa kanyang ina, ang dalaga ang magiging personal maid niya. Ang alam niya ay magkasing-edad lamang sila, parehong twenty-four.

“Sige, bababa na ako.”

Licensed architect siya, pero hindi siya kuntento sa pagpa-practice ng profession niya sa isang malaking architectural firm sa Makati. Pakiramdam niya may kulang pa. Ang dami pa niyang bagay na gustong gawin. Parang wala pa siyang nararating.

Bumaba siya sa kusina para mananghalian at inisip kung ano ang dapat i-prioritize habang nandirito siya sa Cebu.

Alas tres ng hapon, naisipan niyang bisitahin ang dati nilang bahay. Napanguso si Chloe habang nakatanaw sa mas malaking mansion na nakatayo sa dating kinatatayuan ng bahay nila.

“In fairness, ang laki. Yayamanin si Mayor.” Napaismid siya sa sariling komento.

Naglakad siya patungo sa likuran ng mansion. Napangiti siya nang makitang naroon pa rin ang tree house niya noong bata pa siya, pero agad din siyang nalungkot nang mapansin ang nakakandadong gate at ang matataas na pader sa paligid ng kabahayan.

Papayagan kaya akong pumasok diyan?

“Aray!” Lumingon si Chloe sa puno sa likuran niya na nakatanim malapit sa pader nang may kung anong tumama sa ulo niya. “Hoy! Bakit ka nambabato?”

Hinaplos niya ang ulo at tiningnan nang masama ang puno ng mangga kung saan galing ang bungang nalaglag sa kanya.

Tumingala siya at natigilan nang makitang may lalaking nakaupo sa isang malaking sanga ng puno. Ngumiti ito sa kanya bago tinalon ang kabilang panig ng pader.

“Hala? Tinalon niya ’yung pader! Buhay pa ba ’yon?” Lumapit siya sa pader at sumigaw. “Hoy, damuho ka! Binato mo ba ako ng mangga?”

Dinampot niya ang mangga sa lupa at ibinato rin iyon sa kabilang panig ng pader.

“Humanda ka sa ’kin.”

Naglakad si Chloe pabalik sa harapan ng mansion at natigilan nang makitang huminto ang isang kotse sa tapat ng malaking gate doon.

Nakilala niya ang kotse ng kanyang mga magulang.

“Mommy!” Tinakbo niya ang sasakyan habang binubuksan ng guard ang front gate ng mansion.

Bumaba ng sasakyan ang kanyang inang si Cecilia. Sumunod dito ang kanyang ama.

“My, kakausapin n’yo ba ang mayor?”

Nagkatinginan ang kanyang mga magulang bago bumaling sa kanya ang ina. “Ano’ng

ginagawa mo rito?”

Hindi agad nakasagot si Chloe.

“Nandito ka na rin lang, sumama ka na sa loob.”

Nagkibit-balikat siya at tumango.

Nang magtama ang paningin nila ng kanyang ama ay nginitian siya nito. “Nababagot ka ba sa bahay?”

“Opo, Daddy, eh.”

Habang naglalakad, hinanap ng kanyang mga mata ang lalaking nakita niya kanina sa puno. *Humanda ka talaga sa 'kin.*

“Ay, Mommy, Daddy, doon lang ako sa likod ng mansion,” paalam niya bago mabilis na naglakad palayo. Hindi na niya pinansin ang pagtawag ng mga ito.

Walang tao sa likuran ng mansion. Pinagmasdan niyang muli ang tree house at ang mga halaman sa paligid.

Mga magulang niya ang gumawa at nagdisenyo ng tree house. Medyo nag-iba na ang hitsura niyon—hindi na masyadong pambabae at mukhang mas matibay.

Inakyat ni Chloe ang hagdan at dahan-dahang binuksan ang pinto. Nanlaki ang mga mata niya nang makita ang lalaki sa loob.

Kalmado itong tumingin sa kanya mula sa pagbabasa ng libro.

“Nandito ka lang pala,” sabi niya sa lalaki.

Naningkit ang mga mata nito sa kanya. “Paano ka nakapasok dito?”

Sumandal si Chloe sa hamba ng pinto. “Ano ka, may amnesia? Huwag mong ibahin ang usapan. Binato mo ’ko ng mangga kanina!”

Naningkit ang mga mata ng lalaki saka ito tumawa. “Ah. Ikaw ba ang bagong biktima ng kalokohan ng kakambal ko?”

“Kambal?” Umismid si Chloe. “Wala na bang mas luluma pa sa palusot na ’yan?”

“Ano’ng ginagawa mo diyan?”

Natigilan si Chloe nang marinig ang sigaw ng isa pang lalaki.

Pagtingin niya sa baba ng hagdan, namilog ang mga mata niya. “Hala...” Nagpalipat-palit ang tingin niya sa dalawa.

Bahagya siyang lumapit sa lalaking nagbabasa. “Ay, may kakambal ka nga! Sorry, sorry talaga.”

Umismid ang lalaki at ibinalik ang atensyon sa libro nito.

Ngumuso si Chloe at umirap. “Suplado.”

Tatalikod na sana siya nang hawakan nito ang

kanyang pupulsuhan. Napalunok siya habang nakikipagtitigan dito. “Bakit?”

Tumayo ang lalaki at naramdaman niyang may inalis ito sa kanyang buhok. Tuyong dahon ng mangga. Malamang nalaglag sa kanya nang paakyat siya sa tree house.

Damang-dama niya ang tila pagbagal ng oras at dinig na dinig niya ang ihip ng hangin sa labas nang mga sandaling iyon. Nang bumaling muli ang lalaki sa kanya ay napakurap siya sa pagkamangha. Saka niya lang napagtantong napakaguwapo ng kaharap.

Binitiwang na siya nito at muli itong naupo sa kama para ipagpatuloy ang pagbabasa. Walang-imik na umalis si Chloe at bumaba ng tree house.

Wala na ang lalaking nasa ibaba ng hagdan kanina.

Naglakad siya hanggang sa backdoor ng mansion. Pumasok si Chloe roon, umaasang may makikitang kasambahay para magpasama sa kinaroroonan ng mga magulang niya, pero ang lalaking tumalon sa pader ang nakasalubong niya.

Mabagal siyang naglakad palapit dito. Inilapag ng lalaki sa mesa ang baso ng tubig na ininuman nito at nakikipagtitigan sa kanya.

“Ano’ng pangalan ng kakambal mo?” direkta niyang tanong.

Tumawa ang lalaki saka ngumisi. “Bakit? Nasopla ka?” Pinitik nito ang ilong niya.

“Ano ba?” sigaw niya.

“Paano ka nakapasok dito?”

Halos mapanganga si Chloe nang matitigan ito sa malapitan. *Guwapo rin!*

Makapal ang mga kilay, magaganda ang mga mata at panalo ang panga!

“Ako ang unang nagtanong. Ano’ng pangalan ng kakambal mo?”

“Bahala ka sa buhay mo.” Iniwan na siya nito.

Anak ng tokwa! Inuuna kasi ang landi, Chloe, eh! Dapat nagpasama siya sa mga magulang niya para hindi naman siya parang trespasser kahit sila pa ang dating mga may-ari ng mansion.

Dumerecho siya sa sala. Mabuti at naroon ang mga magulang niya.

Napatayo ang mommy niya. “Bakit galing ka sa kusina?” usisa ng ina.

“Sa backdoor po kasi ako dumaan,” paliwanag niya. “Sorry po,” aniya sa lalaking kausap ng kanyang mga magulang. Ito marahil ang mayor.

Tumayo ang matandang lalaki. “Ikaw ba si Chloe?”

Nakangiti siyang tumango rito. “Magandang hapon po.”

Inimbitahan siya nitong maupo.

“Lumaking maganda ang batang ito, Arman,” saad ng alkalde sa ama ni Chloe bago nito namataan ang lalaking nasa itaas ng hagdan at tinawag ito. Nang makalapit ay ipinakilala nito ang anak sa kanya.

“Chloe, this is my son, Jericho.”

Tago ang emosyon na ngumiti silang dalawa sa isa’t isa. Minsan, kailangang magpakabait lalo na kapag may matatanda sa paligid.

“Nice to meet you,” sabi ni Chloe at nakipagkamay siya kay Jericho. Nang magbitiw ay pareho nilang palihim na ipinahid ang mga palad sa kanilang suot na pantalon.

“Hijo, samahan mong maglibot si Chloe.”

Kulang na lang ay malaglag ang panga ng dalawa kasabay ng napalis na pekeng mga ngiti.

“Hindi na po kailangan,” tanggi ni Chloe, kasabay ng, “May gagawin pa ako, Dad,” ani Jericho.

Tumawa ang mayor at umiling. “Hindi n’yo kailangang magkahiyaan. Don’t worry, Chloe, medyo pilyo ang anak ko pero mabait ’yan.”

Tumawa ang mga magulang ni Chloe.

“Sige na, Chloe. Para di ka mainip habang nandito ka. Ang guwapo pa ng tour guide mo.”

Pinamulahan ng mukha ang dalaga. “Mommy naman, eh,” aniya bago binalingan si Jericho. Hinawakan niya ang braso ng lalaki na hindi nakakilos sa gulat. “Tara na nga! Sige po, Mayor. Sa harapan lang po kami.”

Halos kaladkarin niya ang binata palayo. Nang makapasok sa isa pang silid ay binitiwang niya agad ang braso nito.

“My goodness! Hindi ko talaga kinakaya ang bibig ni Mommy.”

“Ang ingay mo,” ani Jericho.

“Bakit mo ako binato kanina, ha?”

“Baliw, nalaglagan ka ng bunga ng mangga. Hindi kita binato.”

“Hindi ako baliw, engot ka.”

Natawa lang si Jericho. “Stalker ka ba ni Jerome? Bakit titig na titig ka sa tree house kanina? At paano mo nalamang doon tumatambay ang kakambal ko?”

Napabuga ng hangin si Chloe. “Stalker? What am I, sixteen?”

“Sa arte mo, daig mo pa ang trese anyos.”

“Well, masyado na akong matanda para maging stalker, ’no?”

Pinakatitigan siya ng binata, tila di naniniwala sa kanya.

“I’m telling you the truth. Kami ang dating may-ari ng mansion. Alam kong may tree house d’un kasi sa akin ’yon. Noon.”

Nagsusukatan sila ng tingin nang may tumikhim.

It was Jerome.

“Hindi pa rin kayo tapos mag-away?” tanong nito.

Naumid si Chloe. Pati boses ng lalaking ito crush na niya.

Chapter Two



“Mag-uusap lang kami,” sabi ni Chloe nang bumaling si Jerome sa kanya. Ngumiti siya pero agad ding napangiwi nang sikuhin siya ni Jericho.

“Hindi mo kailangang magpanggap na mabait sa kanya.” Umismid ito pero hindi itinigil ni Chloe ang pagiging mabait kuno.

“Ito naman. Bati na tayo, di ba?” Kumapit siya sa braso ni Jericho at nagpa-cute. “Huwag kang mag-alala, pinapatawad na kita so friends na tayo.”

Hinigpitan niya ang hawak sa braso ng lalaki para sakyan nito ang pagpapakabait niya.

Ngumiti rin si Jericho at nagpa-cute pero

mabilis nitong binawi ang braso mula sa pagkakahawak ni Chloe. “Heh!” sabi nito bago naglakad papunta sa isang pinto at pumasok sa silid sa likod niyon.

Naiwan sila ni Jerome.

“Hindi mo kilala ang kapatid ko, ano?”
Bahagyang tumawa si Jerome.

“H-hindi. Kaya nga ako nakikipagkaibigan.”

Ngumuso si Chloe at nahihiyang tumingin kay Jerome. Lumapit ito at lalo siyang napatingala dahil sa tangkad ng binata.

“Ilang taon ka na?”

“Twenty-four.”

Naningkit ang mata ni Jerome. Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa. “Are you sure?”

“Bakit? Mukha ba akong nine years old?”

Mabagal na tumango si Jerome kaya napanganga si Chloe. “Twenty-four na ako. Baby face lang at pinagkaitan ng tangkad.”

Napangiting muli si Jerome. “No. It’s because you act like a child. You pout, frown and roll your eyes like those Korean girls on TV.” Inilapit ni Jerome ang mukha sa tainga niya.

Imbes na lumayo ay nanatili ang dalaga sa kanyang puwesto.

“Kung gusto mo ng kaibigan, huwag si

Jericho,” payo nito saka naglakad palayo.

Naiwan siya roon na nakatulala at naguguluhan.

Bakit hindi? Masama ba si Jericho? Rapist? Pervert?

Bumalik siya sa sala saktong tapos na ang usapan ng matatanda.

“Babalik kami dala ang blueprint, Mayor.” Iyon ang huling sinabi ng kanyang ina bago sila sabay-sabay na lumabas ng mansion.

Pinitik ni Cecilia ang tainga niya, kaya napangiwi si Chloe. “Bakit ba, Mommy?”

“Kung aalis ka ng bahay, mag-text ka nga muna. ’Tsaka mukhang inis sa ’yo si Jericho, ah. Ano ba’ng ginawa mo?”

Ngumuso si Chloe at saka umirap. “Pasaway kaya ang lalaking ’yon. Kapag ba nainis siya, kasalanan ko agad? Hindi ba puwedeng kasalanan niya rin?”

“Aba, sasagot ka pa.”

Napalabi si Chloe.



Nang makauwi ang mag-anak, mabilis na nagtungo sa kanyang kwarto si Chloe. Kinuha niya ang mga gamit sa pagpipinta at ipinuwesto ang canvas sa easel.

Tatlong oras ang lumipas bago siya natapos. Mukha iyon ng lalaki ngunit walang mata at ilong. Ang naroon lamang ay ang ngiti nito, isang matamis na ngiti.

Pinangalanan niya iyong *Beautiful Arc*.

Kinaumagahan ay napakatahimik na naman sa kanilang mansion. Naabutan niya si Ally na naghahanda ng pagkain sa kusina kasama ang mayordoma.

Malungkot na napatingin si Chloe sa hapag. “Akala ko sinundo kahapon sina Tito at Tita? Hindi ba sila rito tutuloy?”

Umiling si Ally. “Doon ho sila sa sarili nilang bahay dumerecho.”

Napabuntong-hininga si Chloe. “Akala ko pa naman may makakasama na ako rito sa bahay.”

“Wala ho ba kayong mga kaibigan dito sa Cebu, ma’am?” tanong ng babae.

“Hindi ko na alam kung nasaan sila. Lumuwas na ako agad ng Maynila pagkatapos kong maka-graduate. Halos apat na taon na akong walang balita sa kanila.”

Tinitigan ni Chloe ang pagkain sa plato niya at naalala ang pagtatalo nila ng ina noong bago siya lumuwas ng Manila.

“Painting? Mas uunahin mo ang mag-paint

kaysa sa trabaho mo?”

“I’m working, Mommy! Passion ko ang pagpe-paint kaya bakit di mo na lang ako hayaan?”

“Bakit ka pa nag-aral ng architecture kung hindi mo naman pala balak manahin ang firm?”

“Hindi pa ako ready. Huwag po muna ngayon. Magtatrabaho naman ako pero sana hayaan n’yo akong dumalo sa mga workshops kahit ilang buwan lang.”

“No. Hindi ka magsasayang ng ilang buwan para sa mga workshop na ’yan! Husayin mo ang pagtatrabaho para maging handa ka na sa paghawak ng kompanya. Doon ka sa Manila magtrabaho. At oras na malaman kong kung anu-ano ang inaatupag mo doon, mayayari ka talaga sa ’kin!”

“What? My life is here in Cebu! Bakit n’yo ’ko papupuntahin sa Manila? You’ll let me go there alone?”

“You’re old enough, Chloe. It’s time to be independent!”

“Sinong tao ang gustong mabuhay mag-isa?”

“Mag-isa? Hindi ka mag-isa! We’re here! Pero hindi mo naman kami sinusunod so maybe it’s better if you know how it is to be alone and live with the consequences! You’ll work in Manila!”

Nabitiwan ni Chloe ang mga kubyertos

na hawak at mabilis na pinahid ang luha sa magkabilang pisngi.

Pagtayo niya, nagulat siya nang makita si Jerome na nasa bungad ng kusina. Nanlaki ang kanyang mga mata at hindi siya agad nakagalaw habang nakatingin sa lalaking blangko na naman ang ekspresyon.

“Ano’ng ginagawa mo rito?”

“Parehong busy ang parents mo at si Dad kaya ako na ang pinakuha ng blueprint.”

Tumango si Chloe. “Kukunin ko lang sa opisina nila.”

Pagdaan niya sa tabi ng lalaki ay marahan nitong hinawakan ang kanyang braso kaya natigilan siya. Ayaw niyang tumingin kay Jerome, nag-aalala siyang namumula ang kanyang mga matang kagagaling lang sa pag-iyak.

Inilapit ni Jerome ang mukha nito sa kanya at napapikit si Chloe. Pagmulat niya, marahang hinihipan ni Jerome ang kanyang mga mata. Kumalma ang kanyang magulong isip, pero tila nagwala ang kanyang puso. Mabilis ang pintig niyon at habol-habol niya ang kanyang paghinga.

“Do you feel better?”

Ngumiti si Chloe at bahagyang tumango. Naglakad siya patungo sa hagdan at bumaling

kay Jerome. “Tara sa opisina.”

Umakyat silang dalawa sa ikalawang palapag at nagtungo sa opisina ng mga magulang niya. Doon ay inisa-isa niya ang mga blueprint tubes sa gilid ng lamesa ng kanyang ina at saka kinuha ang isang may label na *Mayor Mieda’s Rest House* (2017).

Bumaling si Chloe kay Jerome na nakatayo lang sa hamba ng pinto. Bahagyang itinaas niya ang hawak at saka ngumiti sa binata. “Ito na yata ’yon.”

Tumango si Jerome at lumapit sa kanya. Iniabot niya rito ang blueprint tube. Saktong pumasok ang isa pang lalaki.

Kumurap-kurap si Chloe, nagtaka. “Nandito ka rin?”

Napakunot-noo si Jericho habang nakatingin sa blueprint tube na hawak ni Jerome. Mabilis na bumitiw si Chloe samantalang si Jerome ay umatras nang bahagya.

Tumingin si Jericho sa kakambal. “Ang tagal mo. Kanina pa kita hinihintay.”

Napatingin ito sa pader ng opisina at tiningnan ang mga paintings na naroon. Lumapit ito sa pader at hinaplos ang isang painting ng bulaklak ng sampaguita na napapalibutan ng

makukulay na rosas.

“Kung sino man ang may gawa nito, pakiramdam niya hindi siya kabilang.”

Bumaba ang haplos nito sa kanang ibabang bahagi ng painting at tiningnan ang pirma roon. Nanlaki ang mga mata nito nang mabasa ang malinaw na pirma. Mabilis itong lumingon sa kinaroroonan ni Chloe.

“H-hindi pa ba kayo aalis?” tanong ng dalaga.

“Ikaw ang nagpinta nito?” Tila hindi pa rin makapaniwala si Jericho. Umatras pa ito para tingnan ang kabuuan ng painting.

“A-ako nga.” Muli itong bumaling kay Chloe at isang ngiti ang kumurba sa mga labi nito. “I love paintings.”

Sumimangot si Chloe, hindi kumbinsido. “Talaga?”

Si Jerome ang sumagot habang nakatingin din sa iba pang paintings. “Because he’s a painter, too.”

Mas ikinagulat iyon ni Chloe. “Hitsura mong ’yan, nagpe-paint ka pala?”

Umismid si Jericho habang si Jerome ay napangiti.

“Hoy, don’t judge a book by its cover,” ani Jericho.

Sumimangot lang si Chloe habang patuloy na pinagmamasdan ni Jericho ang mga gawa niya.

“Malungkot ka,” walang anu-anong saad nito.

Lumipad ang tingin ni Chloe kay Jericho na kasalukuyang nakatitig sa pinakamalaking painting sa opisina.

“Makukulay ang paintings mo, pero kung iintindihin mo ang mensahe ng bawat isa, mahahalata mong may lungkot ang pintor. *Pain behind the colors.*”

Mabilis na pumintig ang puso ni Chloe dahil hindi niya inaasahang may taong makakapansin niyon. Ang lahat ng obra niya ay makukulay ngunit may mga nakatagong mensahe sa bawat isa.

Pakiramdam niya sa unang pagkakataon ay may nakaunawa sa tagong mensahe sa likod ng kanyang mga paintings.

“Sa tingin ko kailangan n’yo nang umuwi pareho. Baka hinahanap na iyang blueprint.”

Mabilis na naglakad si Chloe palapit sa pinto pero bago pa siya makalabas ay nagsalita si Jericho.

“Bakit ka malungkot?”

Natigilan si Chloe. Hindi siya makagalaw. inaalala niya ang malulungkot niyang karanasang isinisimbolo ng kanyang mga gawa.

Dahan-dahan siyang umiling habang hindi pa rin humaharap sa nagtanong na nasa kanyang likuran.

“It’s none of your business,” sagot niya.



Sabay na lumabas ng mansion ang dalawang lalaki. Pagdating sa kanilang kotse ay pareho silang malalim ang iniisip.

“Ikaw naman ang mag-drive,” ani Jericho bago mabilis na umupo sa passenger seat. Agad niyang inilabas ang kanyang sketch pad at lapis na nakatago sa compartment ng kotse.

Habang nasa biyahe ay tahimik lang ang dalawa. Nanatiling malalim ang iniisip ni Jerome. Si Jericho ay abala sa pagguhit.

Nang matapos si Jericho ay napatitig na lamang siya sa labas ng kotse.

“She’s unique, isn’t she?” ani Jerome.

Bumaling si Jericho rito at nakitang nakatungo sa sketch pad niya ang kakambal. Mabilis niya iyong niligpit para itago kay Jerome. Muli niyang tiningnan ang kanyang iginuhit, isang babaeng nakatalikod malapit sa pinto. Napangiti na lamang siya at saka napailing.

Chapter Three



Habang nagdidilig ng halaman ay napalingon si Ally sa taong palapit. Mabilis na ibinaba ng babae ang hawak na pandilig at ngumiti sa lalaki. “Sir Jerome. Napadaan ka?”

Bumuntong-hininga si Jerome at umupo sa bench na nasa hardin ng mga Guevarra. “Hindi na kami ang amo mo kaya hindi mo na ako kailangang tawaging Sir. Ang sabi mo magkaibigan na tayo, di ba?”

Umiling si Ally. “Nasanay lang. ’Tsaka hindi pa rin ako sanay na kaibigan ka, eh.”

Mahinang tumawa si Jerome. “Nagpunta ako rito kasi gusto kitang makausap. Busy ka ba?”

Umiling si Ally at umupo rin sa bangko. Sabay nilang pinanood ang mga isdang lumalangoy sa fish pond sa gitna ng hardin. “May problema ba?”

“Wala naman,” sagot ng binata.

“Eh, bakit ka nandito?”

Muling natawa si Jerome at ginulo ang buhok ni Ally.

“Sir naman, eh.”

Marahang sinipa ni Jerome ang maliliit na bato sa paanan nila. “Kailangan bang may problema ako bago tayo mag-usap?”

“Naisip ko lang kasi na hindi ka pupunta dito kung hindi importante.”

Nanatiling tahimik ang lalaki.

“Ally.”

Napalingon ang dalawa sa pagtawag ni Chloe. May dalang canvas at easel ang dalaga. Ngumiti siya kay Jerome bago muling binalingan ang kasama sa bahay.

“Aalis ako, Ally. Pakisabi na lang kina Mommy at Daddy na hapon na ang balik ko.”

Mabilis na tumayo si Ally. “Gusto n’yo po ba ng kasama, ma’am? Wala naman po akong ginagawa.”

“Kaya ko na. Asikasuhin mo na lang ang bisita mo,” nakangiting tanggi ng dalaga. “Huwag

mo na akong alalahanin. Salamat.”

Naglakad na si Chloe palayo. Dumerecho siya sa garahe at sumakay sa isa sa mga kotseng naiwan doon. Nagmaneho siya patungo sa mansion ng mga Mieda.

Pagdating doon ay nakilala naman siya ng mga guards sa gate at pinapasok siya. Naabisuhan na pala ni Mayor ang mga ito tungkol sa pagbisita niya.

Ipinarada niya ang kotse sa garahe, pagkatapos ay pumunta sa tree house. Nang makapasok doon ay hinagod niya ng tingin ang kabuuan niyon.

Noong huling punta niya rito, hindi niya masyadong napansin ang bagong disenyo.

Chloe realized that she liked the new design. Bahagyang gumaan ang puso niya.

Hinaplos niya ang mga librong nasa estante na malamang ay pag-aari ni Jerome, pagkatapos ay nilingon niya ang kabilang pader kung saan may nakasabit na tatlong paintings. Lumapit siya agad doon at sinuri ang mga iyon.

Sinuri niya ang pirma at nakumpirmang si Jericho nga ang nagpinta. Hinaplos niya ang isang painting ng mga talulot ng bulaklak na nakalutang sa tubig. Iba-iba ang kulay ng mga bulaklak at napakalinaw ng tubig. Ngumiti siya

at umatras para tingnan ang kabuuan niyon.

Kinuha niya ang upuan sa tabi ng lamesa at inayos ang canvas, easel at mga gamit sa pagpipinta saka nagsimula.

Hindi niya namalayan ang oras. Ipininta niya ang sulok ng tree house kung saan nakasabit ang mga paintings ni Jericho. Nang matapos, pinirmahan niya ang canvas at sa likod ay isinulat ang *Paintings in a Painting*.

Humiga si Chloe sa mattress na nakalatag sa sahig at iniunat doon ang katawan. Medyo nangalay siya sa pagpipinta. Magpapahinga lang siya sandali. Hindi naman siguro iyon mamasamain ng magkapatid.

Pumikit siya at agad na pumasok sa isip niya ang mga komento ni Jericho sa kanyang mga ipininta at nagkibit-balikat.

“Siguro magaling ka talagang pintor dahil nakuha mo ang mensahe ng mga ipininta ko.”

“Magaling talaga akong pintor.”

Napabalikwas siya ng bangon nang marinig ang tinig ng isang lalaki.

“My goodness! Bakit ka nanggugulat?”

Umupo siya nang maayos at tumingala kay Jericho. Kumurap si Chloe habang nakatingala sa binatang nakasandal sa hamba ng pinto.

Lumunok siya dahil sa kakaibang epekto ng presensya nito sa kanya. Idagdag pa ang maskulado nitong katawan na pang-international model ang dating. “Kanina ka pa ba diyan?”

Nagkibit-balikat si Jericho.

“Kalungkutan ang tagong mensahe ng mga paintings mo pero bakit ’yon nakalagay sa opisina ng mga magulang mo?”

Hindi inaasahan ni Chloe ang tanong. “Nakuha mo ang secret message ng paintings ko pero hindi mo alam ang dahilan kung bakit nakalagay sa opisina nila ang mga ’yon?”

“May idea na ako. Gusto ko lang kumpirmahin mo.”

Bumuntong-hininga si Chloe. “Kailangan ko pa ba talagang gawin iyon?”

Bumaling si Jericho sa canvas na nakatalikod rito. “Ano ’yan? Malungkot na painting na naman ba ’yan?”

Nanlaki ang mga mata ni Chloe at mabilis siyang pumagitna sa canvas at kay Jericho. Itinaas niya ang kanyang dalawang kamay para pigilan ito sa paglapit. “T-teka. Hindi mo ’to puwedeng makita.”

Ngumiti nang nakakaloko si Jericho bago lalong lumapit. “Nasa teritoryo ka namin kaya

ako ang masusunod.”

Umiling si Chloe. “Pero gawa ko ’to! Ako ang magdedesisyon kung kanino ko ito gustong ipakita.”

Isinuksok ng binata ang dalawang kamay sa magkabilang bulsa ng pantalon nito at lalong inilapit ang mukha kay Chloe. Ilang pulgada na lamang ang layo nila sa isa’t isa.

Nag-init ang kanyang mga pisngi.

“Bakit ayaw mong ipakita sa ’kin? Sino ba ang gusto mong makakita niyan? Si Jerome?”

“Hindi sa gan’on! Ayaw ko lang. Please!”

Hinapit nito ang baywang niya.

Napahawak si Chloe sa magkabilang balikat ng binata sa ginawa nito. Damang-dama niya na tila may nagwawala sa kanyang dibdib habang nakatitig siya sa mga mata ng lalaki.

Ngumiti si Jericho habang nakatingin sa kanya kaya lalong nanlambot ang mga tuhod ni Chloe. Nakapalibot sa baywang niya ang maskuladong mga braso ng lalaki.

Umikot si Jericho habang halos nakayakap pa rin sa kanya kaya sabay silang napaharap sa canvas. Tila nag-usap na napatitig sila sa painting habang magkadikit pa rin ang kani-kanilang katawan.

Tumingin si Jericho sa sulok ng tree house bago ibinalik ang tingin sa canvas. Nang makabawi naman ay mabilis na umatras si Chloe at yumuko. Binalingan niya ang binata nang magsalita ito.

“Paintings in a painting,” sabi nito saka ngumiti—ngiting kaparehong-kapareho ng ngiting ipininta ni Chloe noong nakaraang gabi.



Tahimik na naupo sina Chloe at Jericho sa lilim ng isang puno. Tanaw nila ang malawak na palayan. Inaya siyang mamasyal ng lalaki at pumayag naman siya.

“Matagal na bang magkakilala sina Ally at Jerome?”

Binalingan siya ni Jericho, pero hindi ito agad sumagot. Tumikhim ito at tumanaw sa malayo.

“Kasambahay namin si Ally dati pero nang malaman ni Dad na naghahanap ang mommy mo ng makakasama mo, inirekomenda niya si Ally.”

Tumango si Chloe. “Ganoon pala.”

Napakislot siya niyang nagtama ang mga braso nila ng binata. Nahigit ni Chloe ang hininga. Pakiramdam niya ay hawak-hawak niya ang kanyang puso, iniingatang huwag iyong

mahulog.

“A-ano’ng ginagawa mo?” tanong niya nang inihilig ng lalaki ang ulo sa balikat niya.

“Nagpapahinga,” nakangisi nitong sabi.

Ngumiwi si Chloe at pinisil ng mariin ang ilong ni Jericho.

“Aray!” Mabilis na umayos sa pagkakaupo ang binata at tumingin nang masama sa kanya. Umirap lang si Chloe. “Sadista, tss. Talagang hindi ka magugustuhan ni Jerome.” Hinimas nito ang ilong.

Hinampas niya ang braso ni Jericho. “At bakit hindi?”

Natawa ang binata. “So gusto mo ngang magustuhan ka niya?”

Hindi nakasagot si Chloe. Mas lumapit pa si Jericho. “May gusto ka nga sa kanya, ano?”

Tumayo na siya at hindi na nag-abala pang sumagot.

“Hindi ka magugustuhan n’on! Mas gusto niya ’yung babaeng mabait at simple. ’Yung probinsyana. Hindi taga-Maynila!” pahabol nito.

“Bwisit ka talaga! Sa ’yo na ang kambal mo! Wala akong pakialam!” Pinulot niya ang bato sa paanan at ibinato iyon sa lalaki.

Tumawa lang si Jericho na nailagan ang bato.

Pagbalik sa mansion, naabutan niya sina Jerome at Ally na nagtatawanan sa kusina. Nang mapansin siya ay natigilan ang dalawa bagaman naroon pa rin ang pagkaaliw sa mukha ng mga ito.

Ngumiti si Ally kay Chloe ngunit isang buntong-hininga lamang ang naisukli niya. Hindi niya alam kung bakit hindi siya komportable sa sitwasyon: siya, si Ally at si Jerome sa iisang kusina.

May mali. Alam niyang may mali. Pakiramdam niya ay wala siya dapat sa eksena, na istorbo siya, panira.

Mabilis siyang kumuha ng maiinom sa refrigerator at agad na nagpa-excuse sa mga ito para umakyat sa kanyang kwarto.